# 7 Filipino
## Unang Markahan



PIVOT 4A LEARNER'S MATERIAL

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng worksheets/activity sheets na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI).

CLMD CALABARZON

# Filipino

## Ikapitong Baitang

**Regional Office Management and Development Team: Job S. Zape, Jr.**, Elaine T. Balaogan, Romyr L. Lazo, Fe M. Ong-Ongowan. Lhovie A. Cauilan, Ephraim L. Gibas

**Schools Division Office Development Team: Gemma G. Cortez, Leylanie V. Adao,** Fragilyn B. Rafael, Cesar Chester O. Relleve, Joan S. Sol, Lucy R. Faustino, Aerra Zen G. Tablatin, Sharon Joy A. Padilla. Lanie Ebora Bernabe, May L. Borjal, Jim Boy T. Añonuevo, Jael Faith Ledesma

**Filipino Ikapitong Baitang**
PIVOT 4A Learner's Material
**Unang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT Learners Material

## Para sa Tagapagpadaloy

Ang Modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutunan ang mga aralin sa asignaturang Agham Panlipunan. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa pagbibigay sa ating mga mag-aaral ng tamang paraan ng paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pag-unawa sa pagpapakita ng kakayahan ng may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

## Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi na dapat mong maunawaan. Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT Modyul

| | Bahagi ng LM | Nilalaman |
|---|---|---|
| Panimula | Alamin<br>Suriin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o lingo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| Pagpapaunlad | Subukin<br>Tuklasin<br>Pagyamanin | Ang bahaging ito ay naghahanap ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| Pakikipagpalihan | Isagawa<br>Linangin<br>Iangkop | Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude (KSA). Pinahihintulutan ng guro ang mga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/ gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| Paglalapat | Isaisip<br>Tayahin | Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang mga bago at lumang natutuhan. |

WEEK 1

# Pinagmulan ng Kwentong Bayan

Aralin

## I

Mahalaga ang paggamit ng mga pahayag sa paghihinuha ng pangyayari sapagkat dito masusukat ang kaalaman ng isang mambabasa sa isang akda. Ang kakayahang magbigay ng pahayag sa akdang binasa ay patunay lamang na totoong naunawaan ng mambabasa ang kanyang binasa. Hindi makakapaghinuha at makakapaghula ang mambabasa kung hindi naging ganap ang pang unawa nito sa binasang akda. Sa madaling salita, palatandaan ng pagkaunawa ng bumabasa ang kakayahang gumawa ng paghihinuha at paghuhula batay sa hinihingi ng binasang akda o sa tunguhin ng kwento sapagkat ang ilang teksto ay hindi tapos.

Sa pamamagitan ng kwentong bayan ay iyong mahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.** Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong sa ibaba. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ito ay kuwentong nagmula sa bawat pook na naglalahad ng katangi-tanging salaysay ng kanilang lugar.
   A. maikling kuwento C. epiko
   B. kuwentong-bayan D. alamat
2. Ano ang masasalamin sa isang kuwentong-bayan?
   A. tradisyon C. kultura ng isang lugar
   B. paniniwala at kaugalian D. lahat ng nabanggit

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**.Hanapin sa talaan sa ibaba ang kasingkahulugan at kasalungat ng mga salitang may salungguhit sa mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Si Pilandok ay <u>kinagigiliwan</u> ng taga-Maranao.
2. <u>Nanggilalas</u> ang sultan nang makita si Pilandok sa kanyang magarang kasuotan.
3. <u>“Ililihim</u> po natin ang bagay na ito,” wika ni Pilandok sa Sultan.
4. Hintay, ang <u>sansala</u> ng sultan sa pag-alis ni Pilandok.
5. <u>Pumayag</u> ang Sultan sa ibinigay na hiling ni Pilandok

| | | |
|---|---|---|
| nakatali | ibubunyag | nanahimik |
| itatago | kinatutuwaan | pagpayag |
| nagulat | tumutol | sumang-ayon |

**Naging Sultan si Pilandok**

Kwentong Bayan ng Maranaw

Ang kinagigiliwang Juan ng katagalugan ay may katumbas sa mga Maranaw - si Pilandok. Si Pilandok ay nahatulang ikulong sa isang kulungang bakal at itapon sa dagat dahil sa isang pagkakasalang kanyang ginawa.

Pagklipas ng ilang araw, ang sultan ay nanggilalas nang makita si Pilandok sa kanyang harap na nakasuot ng magarang kasuotan ng sultan. Nakasukbit sa kanyang baywang ang isang kumikislap na ginituang tabak.

Nagtataka ang Sultan kung paano nakabalik si Pilandok gayong ipinatapon na niya ito sa gitna ng dagat habang nakakulong sa isang hawla, at ngayon nga ay nakasuot pa ng magara. Sinabi ni Pilandok na siya ay iniligtas ng kanyang mga ninunong naninirahan sa isang kahariang nasa ilalim ng dagat. Ayaw maniwala ng Sultan sa mga kwento ni Pilandok. Ngunit siya ay nakumbinsi ni Pilandok na mayroon ngang kaharian sa ilalim ng dagat. Ang Sultan ay naghangad makarating sa ilalim ng dagat at inutusan si Pilandok na ipasok siya sa hawla at dalhin sa ilalim ng dagat dahil gusto niyang makita ang kayamanan. Sinabi ni Pilandok na papaano na ang pamumuno sa kaharian. Mag-iiwan ng kautusan ang Sultan na siya ay gagawing pansamantalang kahalili ngunit sinabi ni Pilandok na dapat ay walang makakaalam tungkol sa kaharian sa ilalim ng dagat. Kaya dapat ay ibigay na lamang ng Sultan ang korona at lahat ng katunayan ng pagiging sultan ni Pilandok. Pumayag naman ang sultan. Ibinigay na lahat kay Pilandok ang hinihingi at isinakay sa isang bangka. Pagdating sa gitna ng dagat ay inihagis ang hawlang kinalululanan ng sultan. Kaagad lumubog ang hawla at namatay ang sultan. Mula noon si Pilandok na ang naging sultan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**. Basahin ang mga tanong. Isulat sa iyong kuwaderno ang letra ng tamang sagot.

1. Anong kultura o kaugalian ng mga Muslim ang masasalamin sa kuwentong-bayang “Naging Sultan si Pilandok”?
   A. Ang pagkakaroon ng kapangyarihan
   B. Ang paraan ng kanilang pamumuhay
   C. Ang pagkakaroon ng sultan bilang pinuno ng kanilang lugar
   D. Ang estado ng kanilang buhay na tanging mga mayayaman lamang ang pinapayagang manamit ng kulay ginto at tumira sa malalaking bahay.
2. Ano ang mensaheng mapupulot mula sa “Naging Sultan si Pilandok”?
   A. Maging tuso sa lahat ng pagkakataon.
   B. Huwag maniwala sa mga sabi-sabi.
   C. Matutong dumiskarte sa oras ng kagipitan at pangangailangan.
   D. Huwag maging gahaman sa kayamanan at matutong makunteto kung ano ang meron ka.
3. Ano ang masasalamin mula sa tagpuang binanggit at inilarawan sa kuwentong bayan na “Naging Sultan si Pilandok”?
   A. Masasalamin dito ang lawak ng kabundukan at kapatagan ng mga Pilipinong Muslim.
   B. Masasalamin dito ang mga Maranao na nakatira sa paligid ng lawa ng Lanao at napaliligiran ng anyong tubig.
   C. Masasalamin dito na pangigisda ang pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay ng mga Pilipinong Muslim.
   D. Masasalamin dito ang kayamanang taglay at kasaganahan sa buhay ng mga taong naninirahan sa Mindanao.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5.** Piliin ang tamang hinuha ukol sa mga sumusunod na pangungusap. Isulat sa iyong kuwaderno ang tamang sagot.

1. Sinabi ni Pilandok na papaano na ang pamumuno sa kaharian.
   A. Si Pilandok ay nag-aalala para sa kaharian.
   B. Si Pilandok ay may galit sa kaharian
   C. Si Pilandok ay walang pakiaalam sa kaharian.
   D. Si Pilandok ay may balak para sa kaharian.

2. Nanggilalas ang sultan nang makita si Pilandok sa kanyang magarang kasuotan.
   A. Ang Sultan ay natuwa kay Pilandok
   B. Ang Sultan ay namangha ng makita si Pilandok
   C. Ang Sultan ay natakot ng makita si Pilandok
   D. Ang Sultan ay may pagmamahal kay Pilandok

3. "Ililihim po natin ang bagay na ito," wika ni Pilandok sa Sultan.
   A. Si Pilandok ay may sorpresa sa Sultan.
   B. Si Pilandok ay may balak na masama sa Sultan
   C. Si Pilandok ay may regalo sa Sultan.
   D. Si Pilandok ay matapat sa Sultan

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6.** Basahin ang sumusunod na kwentong bayan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa mga tanong sa iyong kuwaderno.

**Nakalbo ang Datu**

Noong unang panahon, may isang Datu na tumandang binata dahil sa pag sisilbi sa kanyang nasasakupan. Lagi itong abala sa gawain sa kanilang pook kaya''t nakalimutan na nito ang pag-aasawa. Siya ay pinayuhan ng mga nakakatanda na mag asawa na upang magkaroon sya ng taga pagmana. Napilitang mag asawa ang Datu ngunit ito ay naging pihikan dahil sa napakaraming magagandang dilag sa kanilang pook. Kinalaunan ay umibig din ang Datu, ngunit hindi sa isa, kundi sa dalawang magandang dilag. Dahil walang itulak kabigin sa dalawang dalaga ay parehong pinakasalan ng Datu ang dalawa. Ang isa sa mga ito ay si Hasmin. Siya ay batang-bata at ubod ng lambing. Kahit matanda na ang datu ay mahal na mahal pa rin ito ni Hasmin. Dahil sa lubos na pagmamahal ni Hasmin sa Datu ay ayaw nitong magmukhang matanda ang asawa, kaya''t sa tuwing namamahinga ang Datu ay binubunutan niya ito ng puting buhok. Ang isa namang asawa ng Datu ay si Farida. Siya ay kaedad lamang ng datu ngunit ito ay maganda din. Dahil sa kadahilanang ayaw niyang magmukhang matanda ay binubunutan nya ng itim na buhok ang Datu sa tuwing ito ay namamahinga sa tanghali. Dahil sa ipinakikitang kabaitan at pagmamahal ng dalawa nyang asawa ay galak na galak ang Datu. Ngunit gayon na lamang ang pagkagulat nito ng manalamin sya. "Kalbo ako! Kalbo na ako!" sigaw ng Datu. Nakalbo ang Datu sa pagmamahal ng dalawang asawa.

1. Ano ang kulturang masasalamin mula sa kuwentong-bayan na pinamagatang "Nakalbo ang Datu"?
   A. Ang pagbubunot ng puting buhok sa mga Muslim ay nakakabata.
   B. Ang pagbubunot ng itim na buhok sa mga Muslim ay suwerte sa pagsasama ng mag-asawa.
   C. Tungkol sa pag-aasawa ng mga Muslim na lalaki na maaaring mag-asawa nang dalawa o higit pa basta kayang sustentuhan ang pangangailangan ng mga ito.
   D. Tungkol sa pag-aasawa ng mga Muslim na babae na maaaring mag-asawa nang dalawa o higit pa basta kayang sustentuhan ang pangangailangan ng mga ito.'

2. Ano ang mensaheng nais iparating ng "Nakalbo ang Datu"?
   A. Ang pag-ibig ay walang pinipiling edad.
   B. Makuntento sa kung ano at sino ka sa buhay.
   C. May tamang panahon para sa tunay at wagas na pag-ibig, huwag itong madaliin.
   D. Gagawin ang lahat sa ngalan ng pag-ibig at isusuko ang lahat masunod lamang ito.

3. Ano ang pagkakatulad ng kuwentong-bayan na "Naging Sultan si Pilandok at "Nakalbo ang Datu?
   A. Ito ay parehong kuwentong-bayan ng mga taga-Mindanao.
   B. Ito ay tumatalakay sa kaugalian at tradisyon ng mga Pilipinong Muslim.
   C. Ito ay parehong may layuning maglibang at magbigay ng aral sa mga mambabasa.
   D. Lahat ng nabanggit

# Nahihinuha ang Kalalabasan ng mga Pangyayari

I

## Aralin

Madalas ang mga ideya ay hindi tuwirang sinasabi ang nais ipahiwatig. Ngunit nagbibigay sila ng mga pahiwatig na makakatulong sa iyo na "magbasa sa pagitan ng mga linya." Ang paggamit ng mga pahiwatig na ito ay upang mabigyan ka ng mas malalim na pag-unawa sa iyong pagbabasa ay tinatawag na hinuha. Kapag naghihinuha, lalampasan mo ang mga detalye upang makita ang iba pang mga kahulugan na iminumungkahi o ipahiwatig ng mga detalye (hindi nakasaad). Kung ang mga kahulugan ng mga salita ay hindi malinaw na naipapahayag sa konteksto ng teksto, maaaring ipahiwatig ito - iyon ay, iminumungkahi o mayroong klu. Ang pananaw ay isang malaking salita lamang na nangangahulugang isang konklusyon o paghatol. Kung ikaw ay maghihinuha sa isang bagay na nangyari na hindi mo nakikita, naririnig, nadarama, amoy, o natikman ang aktwal na kaganapan maari mong gamitin ang iyong mga kaalaman ukol dito na parang ito ay nangyari na.

Ang araling ito ay makakatulong sa paghubog ng iyong kaisipan sa paggamit ng iyong naunang kaisipan o karanasan sa pagtukoy ng isang pangyayari upang maunawan ang konteksto ng isang epiko.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.** Sagutin ang tanong. Isulat ang iyong sagot sa graphic organizer gamit ang iyong kuwaderno.

Sino ang bayani mo sa kasaysayan at sa totoong buhay? Bakit? Sagutin ito sa tulong ng graphic organizer.

**Mga Bayani ng Buhay ko** →

**SA KASAYSAYAN :** ______________________________
**BAKIT?**

**SA TOTOONG BUHAY :** __________________________
**BAKIT?**

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Ipabasa sa magulang, kapatid o taga-alaga ang sumusunod na epiko ng mga Bagobo na pinamagatang "Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit." Sagutin ang mga tanong sa iyong kuwaderno matapos mapakinggan ang epiko.

**Buod ng Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit**
Epiko ng mga Bagobo

Si Tuwaang ay nakatanggap ng mensahe na kailangan niyang dumalo sa kasal ng Dalaga ng Monawon. Ngunit agad siyang binalaan ng kanyang tiyahin na huwag itong pumunta dahil nararamdaman niyang mayroong masamang mangyayari sa kasal. Si Tuwaang ay nakatanggap ng mensahe na kailangan niyang dumalo ni sa kasal ng Dalaga ng Monawon. Ngunit agad siyang binalaan ng kanyang tiyahin na huwag itong pumunta dahil nararamdaman niyang mayroong masamang mangyayari sa kasal. Ngunit hindi nagpapigil si Tuwaang sa kabila ng sinabi ng kanyang tiyahin

Araw na ng kasal at isinuot ni Tuwaang ang damit na ginawa ng mga diyos para sa kanya, bitbit niya ang kanyang espada, panangga at isang mahabang kutsilyo habang nakasakay sa kidlat papunta sa Monawon. Isinama niya si Gungutan, isang nakakapagsalitang ibon na natagpuan niya sa kapatagan ng Kawkawangan. Nang makarating na siya, nagsidatingan na rin ang mga bisita. Pagdating ng lalaking ikakasal, ang Binata ng Sakadna kasama ang isang daang lalaki, pinaalis nito ang mga hindi nararapat na bisita.

Nagsimula ang seremonya sa pag-aalay ng mga bisita ng mga mamahaling regalo ngunit nagparinig ang Binata ng Sikadna na wala pa silang gintong plauta at gintong gitara kaya sa isang misteryosong hininga ni Tuwaang ay nagkaroon sila nito. Nang lumabas naman ang babaeng ikakasal ay napanganga at humanga ang mga bisita dahil sa taglay na kagandahan nito.

Nainsulto at napahiya ang Binata ng Sakadna ng tumabi ang ikakasal na babae kay Tuwaang sa halip na sa kanya kaya hinamon niya ito sa isang laban o dwelo. Upang lalong galitin pa ang binata ng Sakadna, sinuklayan ng babaeng ikakasal ang buhok ni Tuwaang at naghalikan ang dalawa. Lumaban ng buong makakaya si Tuwaang at ang Gungutan sa Binata ng Sakadna kasama ang isang daang mga lalaki. Matapos nilang ang isang daang mga kalalakihan ay nagharapan na sina Tuwaang at ang binata ng Sikadna.

Nang dahil sa matinding labanan ng dalawa ay lumindol ang lupa kaya binuhat ng Binata ng Sakadna si Tuwaang at ibinato ng malakas sa lupa. Lumubog at nakarating si Tuwaang sa Hades at nakita niya si Tuhawa, ang diyos ng Hades. Sinabi nito na ang buhay ng lalaking ikakasal ay nasa gintong plauta.

Kaya naisip ni Tuwaang na bilhin ang gintong plauta upang mapatay ang binata ng Sakadna. Nang si Tuwaang ay nakabalik agad nagyakapan at naghalikan si Tuwaang at ang babae. Sumama ang babae kay Tuwaang sa Kuaman at sila'y nagsama ng mapayapa at maligaya.

**Suriin ang pangunahing tauhan. Batay sa mga detalye at angyayaring nakapaloob sa epiko bumuo ng Character Profile tungkol sa pangunahing tauhan.**

Pangalan: ____________________

Katangian: ____________________

____________________

Kakayahan: ____________________

Misyon: ____________________


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**. Sagutin ang mga tanong ayon sa epikong na-pakinggan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sino ang kapatid ni Tuwaang?
   A.Bai B. Dalaga C.Pangumanon D. Sakadna

2. Bakit nagalit ang binata ng Pangumanon sa dalaga ng Buhong ng Langit?
   A. Dahil niloko siya ng dalaga
   B. Dahil may ibang minamahal ang dalaga
   C. Dahil ikinalat ng dalaga ang matinding sikreto ng binata
   D. Dahil tinanggihan ng dalaga ang pagmamahal ng binata

3. Ano ang naisip mong mangyayari ng marinig mong binasa ang parting ito ng epiko, “Nainsulto at napahiya ang Binata ng Sakadna ng tumabi ang ikakasal na babae kay Tuwaang sa halip na sa kanya”.
    A. Magiging Masaya ang Binata ng Sakadna.
    B. Babaliwalain na lamang ng Binata ng Sakanda ang ginawa ng dalaga.
    C. Magagalit ang Binata ng Sakadna.
    D. Tatahimik na lamang ang Binata ng Sakadna

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Tukuyin kung ano ang maaring sanhi at bunga nga mga sumusunod na sitwasyon. Gamitin ang graphic organizer sa iyong pag-sasagot sa iyong kuwaderno.




## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**. Tukuyin ang sanhi at bunga ng mga sumusunod na pahayag. Isulat sa kuwaderno ang letra ng tamang sagot.

**Uhaw na uhaw si Gilbert kung kaya't uminom siya ng maraming tubig.**

1. Alin sa pahayag ang nagpapakita ng bunga ng pangyayari?

| | |
|---|---|
| A. maraming tubig | C. uhaw na uhaw |
| B. kaya't | D.uminom ng maraming tubig |

**Itinakbo sa ospital ang babae sapagkat nahimatay siya sa pagod.**

2. Alin sa pahayag ang nagpapakita ng bunga ng pangyayari?

| | |
|---|---|
| A. itinakbo sa ospital | B. nahimatay sa pagod |
| C. nasuka sa pagod | D. pagod |

**Itinaas ni Tricia ang kanyang kamay kasi alam niya ang tamang sagot sa tanong ng guro.**

3. Ano ang sanhi sa nasabing pahayag?
    A. alam niya ang tamang sagot
    B. gusto lang niya
    C. nais niyang magtanong sa guro
    D. itinaas ni Tricia ang kanyang kamay

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5.**Sa isang buong papel, sumulat ng isang sanaysay na may paksang: “Sanhi at Bunga ng Corona Virus.” Ang sanaysay ay kinakailangang binubuo ng hindi kukulang sa limang pangungusap bawat talata, hindi kukulang sa tatlong talata, at ginamitan ng mga pang-ugnay na ginagamit sa sanhi at bunga. Salungguhitan ang mga pang-ugnay na ginamit sa mga talata.

# Maikling Kwento

## I Aralin

Mahilig ka bang magbasa o makinig ng mga kuwento? Alin sa mga kuwentong nabasa o napakinggan mo ang pinakapaborito mo? Tiyak ko na maganda ang kuwentong paborito mo. Alam mo ba na ang maikling kuwento o katha ay isang uri ng panitikan na bunga ng isang maikling guni-guni ng may-akda? Ito ay maaring likhang isip lamang o batay sa sariling karanasan na nag-iiwan ng isang kakintalan sa isipan ng bumabasa o nakikinig. Ito ay maikli lamang at matatapos basahin sa isang upuan lamang. Iilan lamang ang mga tauhan. Ang mga kawal ng pangyayari ay maingat na inihanay batay sa pagkasunod-sunod nito. Isa itong masining na anyo ng panitikan. Tulad ng nobela at dula, isa rin itong paggaya ng realidad, kung ginagaya, ang isang momento lamang o isang madulang pangyayaring naganap sa buhay ng pangunahing tauhan.

Alam mo ba na ang maikling kuwento ay isang anyo ng panitikan na may layuning magsalaysay ng mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan. Nag-iiwan ito ng isang kakintalan sa isip ng mga mambabasa. Ang mga tauhan ay maaaring tawaging protagonista o antagonista.

Ang protagonista ay ang tauhang mahalaga sa kuwento at halos lahat ng pangunahing pangyayari ay may kinalaman sa kanya at ang kalaban niya ay tinatawag na antagonista.

Mayroon ding iba't ibang elemento ang maikling kuwento.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1** Alamin ang bahagi ng maikling kwento sa pamamagitan ng pagtatapat ng bahagi ng kwento sa **Hanay A** at paglalarawan sa **Hanay B**. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. Panimula | A. Bahagi na siyang guguhitan ng mga pangyayari sa kuwento. |
| 2. Saglit na Kasiglahan | B. Nagsasaad ng pinakamasidhing kawilihan. |
| 3. Kasukdulan | C. Naglalarawan ng simula patungo sa paglalahad ng unang suliraning inihahanap ng lunas. |
| 4. Kakalasan o papababang aksyon | D. May apat na uri: tao laban sa tao, tao laban sa sarili, tao laban sa lipunan, tao laban sa kapaligiran o kalikasan. |
| 5. Wakas | E. Magliliwanag sa mga komplikasyong nalikha sa unang bahagi ng kuwento at magpapatuloy ang paglutas ng problema ng pangunahing tauhan. |
| 6. Suliranin | F. Ang huling bahagi o ang kahihinatnan ng kuwento. |
| 7. Tunggalian | G. Ang lugar na pinangyayarihan ng mga aksiyon o mga insidente, gayundin ang panahon kung kailan naganap ang kuwento. |
| 8. Tagpuan | H. Problemang haharapin ng tauhan. |
| 9. Paksang Diwa | I. Ang mensahe ng kuwento. |
| 10. Kaisipan | J. Pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. |
| 11. Banghay | K. Ang kaluluwa ng maikling kuwento. |

**D**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Punan ng angkop na mga salita ang bawat patlang sa mga pangungusap. Piliin sa loob ng panaklong ang angkop na salita.

(nakakalito, malubha, tumangis, nakakahiya, ikinagagalak). Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1.____________ang sakit nito at ipinaliwanag ni Solampid.

2. __________nang malakas ang dalaga sa pagkamatay ng kanyang ama.

3. "Oo, ama,____________ ko pong gawin lahat ng kahilingan mo."

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Basahin ang maikling kwento. Matapos mabasa kopyahin ang story map sa iyong kuwaderno.

**Ang Kuwento ni Solampid**

Noong unang panahon, may mag-asawang datu at ba'i sa Agamaniyog na may isang anak na babae na nagngangalang Solampid. Pinag-aral siya sa isang paaralan sa Antara a Langit na matatagpuan sa pagitan ng langit at lupa. Ipinadala siya upang mag-aral ng Banal na Qu'ran, hanggang sa umako siyang napakagandang dalaga. Naging guro niya si Somesen sa Alongan.

Hindi nagtagal, nagkasakit ang datu ng Agamaniyog. Malubha ang sakit nito at ipinaalam kay ni Solampid. Umuwi si Solampid at pinuntahan ang kanyang ama. "Oh ama, ano ang nangyari sa'yo?" ang nag-aalalang tanong ng dalaga.

Sumagot sa kanya ang ama, "Mahal kong anak, malapit na yata akong mawala sa mundong ito. Gusto kong basahin mo sa akin ang Qu'ran bago ako mamatay at huwag mong kalilimutang mag-abuloy sa mga mahihirap o magbigay ng 'sadaka' sa aking pangalan."

"Oo, ama, ikinagagalak ko pong gawin lahat ng kahilingan mo," ang sagot ni Solampid. Umupo siya sa tabi ng amang maysakit at sinimulan niya ang pag-awit ng bawat bersikulo ng Qu'ran. Nang marinig ang kanyang boses, tumigil ang ihip ng hangin at ang mga dahon ay tumigil sa paggalaw. Pati na rin ang mga ibon ay tumigil sa paglipad upang makinig sa pag-awit ni Solampid. Pagkatapos na mabasa niya ang Qu'ran, namatay ang kanyang ama.

Tumangis nang malakas ang dalaga, "Nanalangin ang lahat sa kaisa-isa nating Panginoon! Oh ama, bakit mo kami iniwan sa mundong ito?" Umiiyak si Solampid patungo sa kanyang ina at niyakap ito. Umiiyak din ang lahat ng nasa bahay.

Inihanda ang datu para sa kanyang libing. Pagkatapos ng pagdadasal, inilibing ang datu sa Agamaniyog. Sumunod naman ang pang-araw-araw na dasal at pagkatapos, bumalik na si Solampid sa Antara a Langit. Pagkatapos ng ikasandaang araw mula nang mamatay ang ama ni Solampid, bumalik na siya para sa isang kaugaling sinusunod ng kanyang ama.

Tinulungan ni Solampid ang kanyang ina sa paghahanda ng pagkain para sa mga bisita. Nang mga oras na iyon, nanonood sa kanya ang kanyang guro na si Somesen sa Alongan at inihulog niya ang isang sulat na may larawan niya para kay Solampid. Sinadya niyang ihulog ang mga ito sa harap ni Solampid.

Kinuha ng ba'ing Agamaniyog ang sulat na may larawan. Pumasok kagaad ito sa kanyang silid at itinago ang sulat. Bago niya itinago, tiningnan muna niya ang larawan ni Somesen sa Alongan at humanga siya sa kagandahang lalaki nito.

Abala naman si Solampid sa paghahanda ng pagkain para sa mga bisita at pagkatapos ay pinakain niya ang lahat ng mga naroroon. Para sa alaala ng kanyang ama ang paghahandang ito.


Pagkatapos ng lahat, pumunta na si Solampid sa "lamin", ang tore ng prinsesa upang matulog. Nanaginip siya na may isang matandang lalaki na pumunta sa kanya at nagsabing, "Solampid, hindi mo ba alam na si Somesen ay naghulog ng sulat at larawan para sa iyo ngunit kinuha ng inyong ina at doon itinago sa kanyang kahon?

Gumising ka at buksan mo ang kahon at kunin mo ang sulat." Gumising si Solampid at sinunod ang sinabi ng matanda. At natagpuan niya doon ang sulat at larawan. Binasa niya ang sulat. Para sa ina ni Solampid ang sulat at nagsasabing umiibig si Somesen sa Alongan kay Solampid at gusto rin niyang pakasalan ito. Sinunog ni Solampid ang sulat. Kinuha niya ang larawan at dali-dali siyang umalis ng bahay.

Nang dumating ang kanyang ina, kaagad namalayan niyang bukas ang kanyang kahon. Nalaman niyang wala na ang larawan at sulat. Alam din niya na walang ibang magbubukas ng kahon maliban sa kanyang anak. Pumunta siya sa "lamin" ngunit wala na si Solampid. Bumaba siya at nakita niya itong papalayo na sa "torongan". Galit na galit ang ina ni Solampid. Kumuha ito ng kutsilyo at nagbalak na patayin si Solampid. Muntik na niyang maabutan ito ngunit tumalon ito sa ilog. Lumangoy siya hanggang sa makarating sa kabilang dako ng ilog. Lumakad siya nang lumakad hanggang sa makarating siya sa isang bahay na may dalawang matanda. Bingi ang isang matanda at bulag naman ang isa. Pumasok kaagad si Solampid sa bahay at nagtago. Dali-dali niyang isinara ang pinto. Maya-maya, dumating ang kanyang ina, hinanap si Solampid doon ngunit nabigo siya. Hindi niya nakita si Solampid kaya bumalik siya sa kanilang bahay.

Pagkaraan ng ilang araw, may tatlong magkakapatid na binatang dumating sa bahay na pinagtataguan ni Solampid. Nagtago si Solampid sa silid ngunit nakita rin siya. Nakinig ang magkakapatid sa kanyang kuwento at napagkasunduan nilang ituring siya na kanilang sariling kapatid. Dahil sa natuklasan din nilang may maganda itong boses, pinakiusapan ang kanila gurong si Rajah Indarapatra na tanggapin si Solampid na isa sa kanilang mga mag-aaral. Hindi nagtagal umibig si Rajah Indarapatra kay Solampid at pinakasalan ito.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Punan ang chart ng paliwanag ukol sa sanhi at bunga ng pangyayari ayon sa iyong binasang kwento. Gawin ito sa iyong kuwaderno.




| PANGYAYARI | SANHI | BUNGA |
|---|---|---|
| 1. Bumalik si Solampid sa kanilang tahanan matapos ang ika-isang daang araw. | | |
| 2. Itinago ng ina ni Solampid ang mga sulat ni Somesen. | | |
| 3. Si Solampid ay itinuring na kapatid ng tatlong lalaki | | |

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5.** Isulat sa sagutang papel ang titik **S** kung ang may salungguhit ay tumutukoy ng sanhi. Isulat ang titik **B** kung ito ay tumutukoy ng bunga.

1. Nahuli sa klase si Ana dahil nagpuyat siya kagabi.
2. Naunawaan ni Karlo ang aralin kung kaya't tama ang lahat ng sagot niya sa pagsasanay.
3. Unti-unting nawawalan ng matitirhan ang mga hayop sa gubat kaya nasa panganib ang buhay nila.
4. Dahil sa labis na paninigarilyo, nagkaroon ng sakit sa baga ang tito ni Loloy.
5. Dahil sumunod siya sa mga babala sa kalsada, nakaiwas siya sa sakuna.

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Gumawa ng sarili mong kuwento base sa sumusunod na larawan sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang iyong nabuong kuwento.




Hango sa : https://i.pinimg.com/236x/df/73/72/df7372fe1e2 3418c cdaa0e3b341ef5d8--drawing-for-children-



Hango sa : https://i.pinimg.com/originals/19/dc/ce/ 19dccee 74c094a6795db3a59f40a4afe.jpg



Hango sa : https://i.pinimg.com/236x/4c/6b/4f/4c6b4fdf5775 bbccd9e90a99515eafd3--drawing-for-children-book-drawing.jpg

# Dokumentaryo

I

Aralin


Kung ano man ang mga bagay na ating nakikita, napapanood at napapakinggan ay may malalaking impluensiya sa ating mga gawi, kaisipan at pananaw. Marahil ikaw lubos na sasang-ayon sa mga pahayag na ito kung ang iyong pinapanood ay makabuluhan at may kaugnayan sa araw-araw na pamumuhay. Ilan sa mga ito ay ang mga dokumentaryong pampelikula na ating napapanood.

Ang unang layunin ng dokumentaryong pampelikula ang magbigay-impormasyon, manghikayat, magpamulat ng mga kaisipan tungo sa ka-malayang panlipunan. Isa itong ekspresyong biswal na nagtatampok ng katotohanan sa buhay ng mga tao at sa lipunang ginagalawan. Ang isa sa pangunahing instrumento sa pagtataguyod nito ay integrasyon at paggamit ng ICT o Information and Communication Technology upang lalo pang mapalaganap ang ganitong mga akdang pampanitikan.


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.** Tukuyin kung anong konsepto ang nakapaloob sa bawat hanay ng apat na larawan .



**HANAY A** ________________




**HANAY B** ________________



**HANAY C** ______________

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Basahin ang susunod na pahina na may sipi ng dokumentaryong pinamagatang "Monoro– Ang Guro" . Gamit ang graphic organizer, himayin ang mga detalye ng sipi ng dokumentaryo . Isulat sa iyong kuwarderno ang iyong sagot.


**Monoro-Ang Guro**

Sa simula ng kwento makikita ang iba't ibang reaksyon ng mga tao sa Araw ng Graduation sa Sapang Bato Elementary sa Angeles City. Ito'y napakahalagang araw para sa mga katutubong Aeta na magtatapos ng elementarya. Isa na rito si Jonalyn Ablong. Hindi magkamayaw ang lahat. Pumila na si Jonalyn para sa martsa, nakangiti, nagmamasid-masid sa paligid. Nagsimula na ang gurong tagapagdaloy na magpakilala ng mga panauhin. Binanggit ang isa sa mga tanyag na linya, "What you sow, is what you reap." Masaya ang buong paligid, ngunit magulo pa rin. Sa isang bahagi ng paaralan ay may maliliit na batang naghaharutan at nag-aaway. Sabay-sabay na ngumiti ang mga estudyante sa kanilang picture taking. Natapos na ang masayang graduation.

Araw na ng eleksyon ng makabalik si Jonalyn at ang kanyang ama galing sa kabundukan dahil hinahanap nila ang kanyang Apo Bisen. Iiwanan sana ng kanyang mga magulang si Jonalyn sa kanilang bahay dahil walang magbabantay rito. Ngunit pinigilan ito ng kanyang lola at ipinaliwanag na hindi marunong magsulat at magbasa ang kanyang mga magulang kaya marapat lamang na sumama siya doon. Makikitang nagkakagulo ang mga katutubo sa presinto kung saan magaganap ang botohan dahil hindi nila mabasa ang mga maliliit na letra at para sa kanila iba ang itsura nito. Karamihan sa kanilang mga katutubo ay hindi marunong magbasa at magsulat o "illiterate" sa salitang Ingles.

Si Jonalyn ang nagsilbing guro at ang gumabay sa kanyang mga katutubo noong eleksyon o botohan. Napaupo na lamang si Jonalyn sa labas ng presinto, may lungkot sa kanyang mukha at may bahid ng kawalan ng pag-asa habang tinitingnan niya ang sitwasyon ng mga panahong iyon. Ang karamihan sa mga Aeta ay nasarhan na ng presinto , inabutan na ng pagsasara ng botohan kaya't hindi na sila nakaboto. Naroon ang mga sundalo at kapulisan na sa akala niya'y sasaklolo sa kanila ng mga panahong yaon. Ang mga sanggol na katutubo ay buhat-buhat at pasan ng kanilang mga magulang na tila kalunus-lunos ang mga tinig, patuloy sa kanilang paghikbi at pag-iyak. Para kay Jonalyn , isang kabiguan sa kaniyang kaluluwa at buong pagkatao ang kaniyang mga pagsusumikap ng mga panahong iyon. Nalaglag ang mga butil ng luha sa kanyang mga mata at malayo ang tingin.Nabigo man si Jonalyn sa kanyang layunin na matulungan ang lahat ng kanyang katutubo ay maituturing pa rin siyang matagumpay dahil kahit papaano ay may naituro naman siyang kaalaman sa mga ito. Sa pagkakataong iyon ay biglang dumating ang kanyang lolong si Apong Bisen, kakababa lamang mula sa kabundukan, pasan-pasan sa kanyang likuran ang isang malaking baboy -ramo . Para kay Apong Bisen ang hindi pagboto ay hindi makapagpapababa at makababawas sa pagkatao ng isang tao.

Kinagabihan, nagdiwang ang buong barangay, nagsaya ang lahat, inihain sa hapag-kainan ang nahuling baboy-ramo. Nagdiwang, nagsaya at nagsipagsayawan




## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Magsagawa ng pagsusuri gamit ang mga sumusunod na pamantayan batay sa dokumentaryong **Monoro-Ang Guro.** Isulat sa sagutang papel ang iyong pagsusuri,

**Tauhan** –Ang pangalan ng tauhan at ang ginagampanan nito.
**Tagpuan**- Ang tagpuan kung saan ang pinanyarihan ng dokyu-film
**Buod-** Pinaikli na bersyon ng Dokyu-Film kung saa ito ay nakasulat na .
**Repleksyon**-Ano ang nahinuha sa Dokyu - Film

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Pumili ng isang kwento sa pahayagan at magsagawa ng pagsusuri ukol dito gamit ang pamantayan sa Gawain 3. Isulat sa sagutang papel ang iyong pagsusuri. Tingnan ang Rubriks bilang gabay sa iyong pagsusuri.

| Pamamantayan sa Pananaliksik | Bahagdan |
|---|---|
| 1. Nilalaman ng Pagsusuri | 40% |
| 2. Organisasyon ng Pagsusuri | 30% |
| 3. Kahusayan sa pagkalap ng datos | 30% |
| Kabuuan | 100% |

# Mito

I

## Aralin

Isa sa mahalagang bahagi ng kultura ng Pilipino ay ang mga kuwentong bayan, alamat at mito. Ito ay bahagi ng ating panitikang saling-dila o lipat-dila (ibig sabihin ay naikukuwento lamang nang pasalita) na lumalaganap bago pa man may dumating na mga mananakop sa ating bansa. Ang kuwentong bayan, alamat at mito ay halos may kaugnayan sa isa't isa. Halos pareho lamang ang kanilang paksa na karaniwan ay tumatalakay sa kalikasan, pamahiin, relihiyon, paniniwala, at kultura ng isang partikular na pangkat o lugar. Kaugnay nito, ang pagsasalaysay ng maayos at wasto ng buod ng pagkakasunod-sunod ay isa ring mahalagang kasanayan sa pagbasa na dapat mahubog sa isang mag-aaral upang lubos na maunawaan ang lahat ng materyal sa pagbasa.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.** Punan ang patlang nga mga letrang makapagbubuo ng mga salita ayon sa kahulugan na nasa tapat ng salita. Isulat sa kuwaderno ang iyong mga sagot.

1. B___T___H___ ___A– Ang kinikilalang Diyos ng mga Tagalog
2. ___A R___ ___- Ay isang lalaking makapangyarihang pinuno ng isang lupain.
3. R___Y___ ___- Ay ang isang babaeng makapangyarihang pinuno ng isang lupain.
4. ___I___W___ ___A– Ay sinaunang babaeng bathala, sinasamba sang-ayon sa pangangailangan ng mga tao .

**Tanong:** Sa anong akdang pampanitikan makikita ang mga tauhan sa gawain 1?

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Basahin ang sipi ng akdang pinamagatang "Alamat ni Tungkung Langit at Alunsina". Matapos basahin ay sagutan sa kuwaderno ang mga tanong .

**Alamat ni Tungkung Langit at Alunsina**

Tungkung Langit at Alunsina, sila ang unang lalake at babae sa daigdig at ang pinag-ugatan ng buhay. Nabighani silang dalawa sa kanilang kakisigan at kagandahan at sa bawat pagsikat at paglubog ng araw ay natutuhan nilang mahalin ang isa't-isa. Nagkaisang dibdib sila at nagsama bilang magkabiyak. Si Tungkung Langit bilang lalake, siya ang nagtatrabaho at gumagawa ng mga mabibigat na gawain. At si Alunsina bilang babae, siya ang naiiwan sa kanilang tahanan. At kaya hindi niya maiwasan na mainip na nagdulot naman sa pagtatalo nila dahil ayaw siyang payagan ni Tungkung Langit na tumulong kahit na magkaparehas lang silang bathala na may kapangyarihan. Ngunit umiral parin ang pagmamahalan nila sa isa't-isa. Isang araw nagpaalam si Tungkung Langit kay Alunsina na matagal siyang mamawala at meron lang siyang tatapusin. Nagmamadaling umalis si Tungkung Langit na parang mas importante pa sa kanya ang pupuntahan niya kaya nanghinala si Alunsina at sinundan niya ito. Natunugan siya ni Tungkung Lahit at nagalit sa kanya. At sa sobrang galit, inagaw niya ang kanyang kapangyarihan at pinagtabuyan palabas sa kanilang tahanan. Nilisan ni Alunsina ang kanilang tahanan ng walang anumang mahalagang bagay. Hubad siya nang una silang magkita at hubad rin siya ng sila'y maghiwalay. At ng matagal na siyang hindi nagbalik sa kanilang tahanan ay nabalitaan niya ang pangungulila ni Tungkung Langit sa kanyang yakap at halik at sa bawat sandali na magkasama sila. Ginawa lahat ni Tungkung Langit ang makakaya ng kanyang kapangyarihan upang mapabalik siya sa kanyang piling ngunit kahit anong pagsuyo niya ay tinatanggihan at hindi pinapansin. Nagdalamhati si Tungkung Langit sa nadama niyang pangungulila at mamuhay nang mag-isa na hindi kasama si Alunsina. Lumuha nang lumuha si Tungkung Langit, at ang kaniyang pagluha ay nagdulot sa unang pagkakataon ng pag-ulan.

Kapag siya'y humahagulgol, nagbubunga iyon ng malalakas na pagkulog at pagkidlat. Hindi man lang nalaman at nasilayan ni Tungkung Langit ang magiging supling nila ni Alunsina at ang pagiging isang pamilya nila.
https://brainly.ph/question/36702#readmore


1.Sino-sino ang mga tauhan sa kuwentong pinanood? Sino ang tauhang higit mong nagustuhan? Ibigay ang kanilang mga katangian. Naging kawili- wili ba ang mga tauhang ito para sa iyo? Bakit?

2. Maituturing bang akdang pampanitikan ang mga akdang gumagamit ng mga diyos, diyosa, bathala at diwata bilang mga tauhan? Ano ang tawag dito?
3. Ibigay ang pangkalahatang tema ng mitolohiya bilang isang akdang pampanitikan. Paano ito nagkakapareho at naiiba sa ibang akdang pampanitikan?

4. Punan ang mga patlang ng mga salitang kukumpleto sa pangkalahatang kaisipan ng aralin.


Ang ________ ay karaniwang tumatalakay sa mga kwentong may kinalaman sa mga ______, _______ , at mga kakaibang ______ na may kapangyarihan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Isalaysay ang pagkasunud sunod na pangyayari sa akda gamit ang sumusunod na graphic organizer. Gamitin ang iyong kuwardeno bilang sagutang papel.




**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**. Talakayin ang paksang tumutukoy sa mitong binasa sa tulong ng mga mungkahing estratehiya.




**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5.** Sagutin ang mga tanong sa pamamagitan ng pagguhit. Gumamit ng isang malinis na papel. Tingnan ang Rubrik sa Pagguhit sa huling pahina upang iyong maging gabay sa gawaing ito.

Kung ikaw ay isang Diyos o Diyosa na magiging tauhan sa isang mitolohiyang Tagalog anong kapangyarihan mayroon ka? Bakit ito ang iyong napiliu? Iguhit ang iyong kasagutan at sumulat ng maikling paliwanag sa ibaba ng iyong iginuhit.

# Wastong Gamit ng Retorikal na Pang-ugnay

## I — Aralin


Ang pag-uugnay ng ibat' ibang bahagi ng pagpapahayag ay mahalaga upang makita ang pag-uugnayang namamagitan sa pangungusap o bahagi ng teksto. Sa Filipino, ang pang- ugnay na ito ay kadalasang kinakatawan ng pang-angkop, pang-ukol, at pangatnig.Ang **pang-ugnay** ay mga salitang nagpapakita ng relasyon ng dalawang yunit sa pangungusap, maaaring salita, dalawang parirala o ng dalawang sugnay. Ang mga **pang-ugnay na panubali** ay ginagamit upang ipahayag na ang aksyon sa pangunahing sugnay ay mangyayari lamang kapag natupad ang isang kondisyon. Ang kondisyon ay ipinakikilala ng mga salitang kung, kapag, sakali, at pag.Ang mga pang-ugnay na ginagamit naman sa paglalahad at **pagsusunod-sunod ng mga pangyayari** ay ang una, ikalawa, halimbawa, isang araw, samantala, at iba pa. Ang **pang-ugnay na panghikayat** naman ay ginagamit upang iugnay ang mga salita sa loob ng pangungusap at talata na kung saan ay nagsasaad ng pagpapatotoo, pagpapatunay, o maaaring pagbibigay ng pasubali. Halimbawa nito ay ang totoo, tunay, talaga, pero subalit, at iba pa.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.** Gamit ang mga salitang nag-uugnay bumuo ng hinuha tungkol sa mga posibleng mangyayari sa bawat pahayag. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| Pangungusap | Hinuha |
|---|---|
| 1. Hindi ka sana maiiwan kung | |
| 2. Kung sakaling nakalimutan mo ang mga pangako ko sa'yo | |
| 3. Kapag nahuli ka sa curfew | |
| 4. Hindi sana siya mahahawa ng sakit kung | |

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Sumulat ng isang salaysay na naglalahad ng proseso o pagkakasunod-sunod sa pamamagitan ng paglalagay ng mga impormasyon sa bawat kahon. Maaaring pumili sa mga paksang: paglalaba, pagluluto, paghuhugas ng pinggan, o pagbabalik-aral. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa kuwaderno ang mga pang-ugnay na nanghihikayat na ginamit sa pangungusap.

1. Totoo na delikado pa rin ang paglabas ng bahay dahil sa nakahahawang sakit.
2. Ang pagsusuot ng mask ay tunay na makatutulong upang hindi tayo madaling madapuan ng sakit.
3. Maraming pagsubok ang kinahaharap natin pero kailangan nating maging matatag.
4. Talaga namang masayahin pa rin ang mga Pilipino sa kabila ng krisis na kina kaharap nito.
5. Mayroon pa ring pandemya sa bansa subalit hindi nito mahahadlangan ang pagkatuto ng bawat mag-aaral.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Basahing mabuti ang mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Makakapasa ako sa pagsusulit kung mag-aaral ako nang mabuti. Anong pang-ugnay ang ginamit sa pangungusap?
   A. sa B. ako C. kung D. nang
2. Sakaling hindi niya na ako pansinin, maghahanap na lang ako ng panibagong kaibigan. Anong pang-ugnay ang ginamit sa pangungusap?
   A. Sakaling B. hindi C. na D. maghahanap
3. Kapag gumawa pa ulit ako ng gulo, ako ay patatalsikin na sa paaralan. Anong pang-ugnay ang ginamit sa pangungusap?
   A. Ako B. pa C. gumawa D. kapag
4. Ipagtatapat ko ang aking nararamdaman kung papayag siyang sumama sa akin mamaya. Anong pang-ugnay ang ginamit sa pangungusap?
   A. Ipagtatapat B. ko C. kung D. siyang
5. Kapag umulan, hindi ako pupunta sa bahay ninyo. Anong pang-ugnay ang ginamit sa pangungusap?
   A. Kapag B. hindi C. ako D. pupunta

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5.**Ibahagi ang di mo malilimutang karanasan sa buhay mo. Gamitan ito ng mga pang-ugnay na ginagamit naman sa paglalahad at pagsusunod-sunod ng mga pangyayari gaya ng **una, ikalawa, halimbawa, isang araw, samantala, at iba pa.**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6.** Sumulat ng isang Editoryal tungkol sa napapanahong isyu sa bansa. Gamitan ito ng mga pang-ugnay na tinalakay sa araling ito. Salungguhitan ang mga pang-ugnay na ginamit. Upang maging madali ang iyong gagawin, alamin kung ano ang editorial.


# Dula

Aralin

I


Bigyang pansin ang kaugnayan ng panitikan bilang salamin ng kultura. Makikita sa bawat panitikan ang kultura ng bawat tauhan, pook, at wikang ginagamit sa isang dula. Kagunay nito ang kasanayan sa pagsusuri ng tunay na pangyayari sa isang kwento batay sa sariling karanasan. Ang modyul na ito ay makakatulong sa iyo upang mas maunawaan ang binasang kuwento sa pag-uugnay ng iyong karanasan. Ang dula ay gagamitin upang malinang ang kasanayan sa pagsusuri ng tunay na pangyayare. Ang dula ay isang akdang pampanitikan na ang layunin ay itanghal sa pamamagitan ng pananalita, kilos at galaw ng mga tauhan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.** Suriin ang larawan. Magbigay ng mga salitang maaring iugnay sa larawan. Isulat sa kuwaderno ang iyong mga sagot



D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Sumulat ng tatlong (3) pangungusap na maglalarawan iyong di malilimutang karanasan kasama ng iyong pamilya mula sa iyong kabataan hanggang sa iyong estado. Gamitin ang graphic organizer bilang gabay sa iyong pagsulat.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Basahin ang maikling dula tungkol sa Pamilya . Matapos basahin, sagutan ang mga tanong sa iyong kuwaderno.

**Mga Tauhan**

Nanay, Anak (ate), Anak- (bunso), Tatay, Lolo, Lola, Kasambahay, Anak ng Kapitbahay at Tagapagsalaysay.

**Tagapagsalaysay:** Ang pamilya Ledesma ay katulad lang ng iba ngunit para sa kanilang mga kapitbahay sila na ata ang pinakamabait na pamilya sa barangay.

**Kapitbahay:** Nako pasensya na po. Yung anak ko po kasi naglalaro ng bato ngayon dahil sa lakas ng hangin tumama siya sa bubong ninyo. Di ko po alam kung may nasira.

**Ate:** Manang, sila mama nalang po ang kausapin ninyo diyan. Mamayang gabi ho sila makakauwi.

**Kapitbahay:** Sige babalik nalang ako mamaya. Paki sabi nalang ang tungkol dito sa kanila. Salamat.

*Sa loob ng bahay*

**Ate:** Yaya, pwede ba 'to kainin? Nagugutom na ako eh.

**Kasambahay:** Nako para sa kapatid mo yan! Kakain na naman ng hapunan eh. Sandali nalang.

*May tumama sa bubong*

**Bunso:** Ate narinig mo yung tumama sa bubong?

**Lolo:** Sino daw iyon, apo?

**Ate:** Tama po si lola, tungkol nga sa pagtama sa bubong ito. Babalik nalang daw siya pag dumating na sila mama.

*Bunso nakadungaw sa bintana*

**Bunso:** Nandiyan na sila mama!

*Papasok ang magulang .*

**Tatay:** Mga anak nandito na kami. Tamang-tama lang ang dating namin para sa hapunan.

*Papasok sa loob*

**Nanay:** Oh siya kain na tayo

*May kakatok*

**Bunso:** Ako na!

*Bubuksan ang pintuan*

**Bunso:** Sino po sila?

**Kapitbahay** *(kasama ang kanyang anak)***:** Ako po ang kapitbahay ninyo. Natamaan po ng anak ko ang inyong bububong dahil sa kakulitan niya.

**Anak:** 'Wag kang magaalala baka kahoy lang yan na nahulog dahil sa lakas ng hangin.

*May kakatok sa pintuan*

**Lola:** Ate may kumakatok ata. Baka tungkol sa bagay na bumagsak sa bubong natin iyan. Paki tignan mo naman kung sino.

*Pagbubuksan ng pintuan*

**Ate:** Ano po yun?Pwede bang makausap ang magulang mo tungkol dito?

**Bunso:** Sige po. Pasok po.

*Sa kainan*

**Nanay:** Ukol saan po ang gusto inyong sabihin?

**Kapitbahay:** Tungkol po sa bubong ninyo, natamaan po ng anak ko, di ko pa nakikita kung may nasira man o nabutas ngunit babayaran ko naman ito.

**Tatay:** Nasabi nga po ng aking anak yan sakin. Tinignan ko po at nasira ang bubong ngunit di naman ito nabutas dahil sa hindi naman malakas ang tama.

**Kapitbahay:** Nako pasensya na po. Magkano po ba ang kailangan kong bayaran?

**Nanay:** Hindi na po kailangan. Hindi naman malakas ang tama kaya't hindi naman kami mapapamahal. Sainyo na lamang ang para sa pampagawa niyo sana ng aming bubong.

**Kapitbahay:** Nako marami pong salamat. Sa totoo nga po kailangan ko ang perang para sa pagpagawa ng inyong bubong. Anak humingi ka ng tawad at magpasalamat.

**Anak ng kapitbahay:** Maraming salamat po. Pasensya na sa nagawa ko.

**Lolo:** Okay lang iyon iho. Basta 'wag paglalaruan ang mga bato sa susunod ha.

*Anak ng kapitbahay nods*

**Tagapagsalaysay:** Kitang kita nga naman ang pagiging mabait sa kapwa ng pamilyang Ladesma kaya't sila ang tinatawag na pinakamabait na kapitbahay sa barangay.

1. Sinu-sino ang mga tauahan? May pagkakahalintulad ba ng kilos at gawi ang mga tauhan ng dula sa iyong myembro ng pamilya base sa iyong karanasan?
2. Ano ang naging suliranin sa dula? Paano ito hinarap ng pamilya Ledesma?
3. Bakit nasabi na ang pamilya Ledesma ay tinawag na pinakamabait na kapitbahay. Katwiranan ito.

1. Anu-anong katangian ng mag-anak ang kalugud lugod? Maari ba silang tularan? Bakit?
2. Paano nagtapos ang dula? Ano ang aral na iyong napulot sa dula tungkol sa Pamilya Ledesma.? Paano mo ito isasabuha?

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Pumili ng pangyayari sa akda at patunayan ito base sa iyong karanasan. Gumawa ng chart na kagaya sa ibaba. Isulat sa kwaderno ang iyong sagot.

| PANGYAYARI SA AKDA | KARANASAN |
|---|---|
| 1 | |
| 2 | |

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**. Gumawa ng isa dialog tungkol sa karanasan ng iyong pamilya na nagpapapamalas ng magandang kaugalian o gawi sa paglutas ng isang suliranin. Isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel. Sundin ang sumusunod na pamantayan.

| | |
|---|---|
| **Nilalaman** (makabuluhang impormasyon) | 2o puntos |
| **Impak**(nakapaghatid ng makabuluhang impormasyon | 20 puntos |
| **Mekanics** (ispeling at paggamit ng salita) | 10 puntos |
| **TOTAL** | 50 puntos |

WEEK 5

# Pag-iisa-isa ng mga Hakbang na Ginagawa sa Pananaliksik

I




Aralin

Ang pagsasaliksik ay mahalagang kasanayan na matutunan ng isang mag-aaral na gaya mo. Ito ay nagpapayaman ng kaisipan. Lumalawak ang kaisipan ng isang mananaliksik dahil sa walang humpay na pagbasa , nag-iisip, nanunuri at naglalahad o naglalapat ng interpretasyon. Lumalawak din ang karanasan dahil napapalawak ang karanasan ng isang manunulat sa mundo ng pananaliksik sapagkat marami siyang nakasalamuha sa pagkalap ng mahahalagang datos, pagbabasa, paggalugad sa mga kaugnay na literatura. Kaugnay nito nalilinang din ang tiwala sa sarili- tumaas ang respeto at tiwala sa sarili kung maayos at matagumpay na naisakatuparan ang alinmang pag-aaral na isinagawa. Nadaragdagan din ang kaalaman dahil ang gawaing pananaliksik ay isang bagong kaalaman kaninuman at nahuhubog dito ang kanyang kamalayan sa larangan ng pananaliksik. Mahalaga rin na magkaroon ka ng kasanayan na maisa-isa ang mga hakbang sa pananaliksik mula sa napakinggan mong pahayag.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**. Suriin ang mga larawan. Isulat sa iyong kuwaderno kung anong isyu ang ipinahihiwatig ng bawat larawan.

Upang malaman ang mga impormasyon sa mga ipinahihiwatig na isyu ng mga larawan, ano sa palagay mo ang dapat mong gawin?

Kumpletuhin ang salita **P** ___ **G** ___ ___**S** ___ **L** ___ ___ **S** ___ **K**

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2** Ayon kina Calderon at Gonzales (1993) ang mga tiyak ng pananaliksik ay ilan sa mga sumusunod. Isulat ang tamang titik ng angkop na layunin sa mga sumusunod na halimbawa ng salisik.

| | |
|---|---|
| 1. Upang makadiskubre ng mga bagong kaalaman hinggil sa mga batid nang phenomena. | A. Dati ay mga teleponong analogue ngayon ay cellular phone na. Dati ay casette recorder, naging walkman, discman, ngayon ay may i-pod, ipad, iphone, MP4, at iba pa. |
| 2. Upang makakita ng mga sagot sa mga suliraning hindi pa ganap na nalulutas ng mga umiiral na metodo at informasyon. | B. Dati-rati, mayroon lamang tayong siyamnapu't-dalawang (92) chemical elements,ngunit bunga ng pagsasaliksik, mayroon na ngayong higit sa isandaan (100). |
| 3. Mapagbuti ang mga umiiral na teknik at makadevelop ng mga bagong instrumento o produkto. | C. Ang alkohol ay isa nang batid ng penomenon at sa pamamagitan ng pananaliksik, maaaring makalikha ng isang fuel mula sa alkohol na ang kalidad ay katulad ng sa gasoline. |

| | |
|---|---|
| 4. Makalikha ng mga batayan ng pagpapasya sa kalakalan, industriya, edukasyon, pamahalaan at iba pang larangan | D. Sa pamamagitan ng pananaliksik hinggil sa mga isda, maaaring maverifay ng mga mananaliksik ang mga kaalamang una nang natuklasan ng mga pananaliksik o di kaya nama'y maari silang makatuklas ng mga bagong kaalaman hinggil sa mga katangian at kalikasan ng mga isda na maaring pakinabangan ng mga mangingisda, mangangalakal at maging ng mga mamimili. |
| 5. Masatisfay ang kuryosidad ng mananaliksik. | E. Bunga ng pananaliksik, napag-alaman ang mga negativong efekto ng metamphetamine hydrochloride sa katawan ng tao na nagsilbing dahilan upang ideklara itong isang ipinagbawal na gamot. |
| 6. Mapalawak o maverify ang mga umiiral na kaalaman | F.Naging misteryo kay Thomas Edison kung paano nangingitlog ang manok. Bunga ng kanyang kuryosidad sa bagay na ito, nagsaliksik siya at kalauna'y nakainvento ng tinatawag na incubator. |
| 7. Higit na maunawaan ang kalikasan ng mga dati nang kilalang susub-stances at elements. | G. Bunga ng mga pananaliksik, napag-alaman na ang mga mag-aaral sa hayskul ay kulang sa kaalaman at kasanayan sa paggamit ng wika sa mga iskolarling diskurso. Ito ang naging isa sa dahilan upang ipasya ng Departa-mento ng Edukasyon na baguhin ang kurikulum sa batayang edukasyon kung kaya't sa kasalukuya'y ipinatutupad ang Basic Education Curriculum o BEC at sa hinaharap ang K12. |
| 8. Makatuklas ng hindi pa nakiki-lalang substances at elements. | H. Dati ay mga teleponong analogue ngayon ay cellular phone na. Dati ay casette recorder, naging walkman, discman, ngayon ay may i-pod, ipad, iphone, MP4, at iba pa. |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Ang mga sumusunod ay hakbang sa pagsasagawa ng saliksik. Isulat sa iyong kuwaderno ang mga hakbang ayon sa pagkakasunud-sunod. Lagyan ng bilang mula 1 hanggang 8.

| | |
|---|---|
| Paghahanda ng Pansamantalang Bibliyograpi<br>Ang Pagbuo ng Pansamantalang Bal-angkas<br>Pagpili ng Paksa<br>Pagsulat ng Burador o Rough Drart | Pagsulat ng Pinal na Manuskrito<br>Paglilimita ng Paksa<br>Pagsulat ng Pinal na Manuskrito<br>Paghahanda ng Iwinastong Bal-angkas o Final Outline<br>Pagrerebisa |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Basahin ang mga sumusunod na kahulugan ng mga hakbang sa pagsasagawa ng saliksik. Isulat sa kuwaderno kung anong hakbang ang tinutukoy ng bawat numero.

1. Mahalagang bigyang-limitasyon ang paksang pipiliin upang hindi ito masyadong maging masaklaw at matapos sa tamang panahon.
2. Paghahanda ng talaan ng iba't ibang sanggunian katulad ng mga aklat, artikulo, report, peryodiko, magasin at iba pang nalathalang materyal maging sa Internet
3. Dito ay susuriing mabuti ang inihandang tentatibong balangkas upang matiyak kung may mga bagay bang kailangang baguhin o ayusin. Balansehin ang lagay ng bawat punto.
4. Dapat isaalang-alang ay kung ito ba ay kawili-wili o naaayon sa iyong interes.
5. Isinagawa upang maisaayos ang mga ideyang nakalap mula sa inisyal na paghahanap ng mga datos.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5.** Isulat ang sagot sa mga sumusunod na gawain sa iyong kuwaderno,

1. Bilang isang mag-aaral ng asignaturang Filipino, paano nakatulong sa iyo ang pagkakaroon ng sapat na pagkaunawa sa bagay ng pananaliksik.
2. Gumawa ng sariling hakbang ng pananaliksik ayon sa lugar at panahon ng pananaliksik.

   Halimbawa:

   Mga Dapat Gawin sa Panahon ng Pandemic

   Ang New Normal Education

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6**. Magsaliksik ng isang paksa at bumuo ng balangkas. Isulat sa ang iyong saliksik sa sagutang papel.

Halimbawa:

Global Warming

Climate Change

| Pamantayan sa Pananaliksik | Bahagdan |
|---|---|
| 1. Kahusayan sa pagkalap ng impor-masyon | 30% |
| 2. Organisasyon ng pananaliksik | 30% |
| 3. Orihinalidad | 40% |
| **Kabuuan** | **100%** |

# Pagsusuri ng Ginamit na Datos sa Pananaliksik

## I Aralin

Ang pagsusuri ng mga datos ay nagpapatibay, nagtitipon at nagbibigay-kahulugan sa mga datos sa panahon at kalidad ng isang saliksik . Ang pagsusuri ng datos ng isang saliksik ay napakahalaga dahil nagbibigay ito ng paliwanag ng iba't ibang mga konsepto, teorya, frameworks at mga pamamaraan na ginamit. Kalaunan ay nakakatulong ito sa paggawa ng konklusyon at upang patunayan ang hypothesis. Ang modyul na ito ay magbibigay ng kasanayan sa pagsusuri ang gamit ng mga datos sa saliksik sa isang proyektong panturismo halibawa: pagsusuri ng isang promo coupon or brochure na lubos na makakatulong sayo sa pagkatuto ng Filipino 7.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.** Magbigay ng tatlo (3) hanggang limang (5) magagandang lugar o tinatawag na *tourist spot* sa inyong bayan or probinsya. Ipaliwanag kung bakit itinuturing na tourist spot ang lugar na iyong napili. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

**Ipaliwanag:** Paano mo isusulong ang magagandang lugar na iyong naitala? Ano sa palagay mo ang pwede mong gamitin upang maisulong ang turismo sa inyong lugar or probinsya?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Tukuyin kung anong mga produkto o kompanya ang nagtataglay ng sumusunod na tagline

1. "Kailangan pa bang i-memorize 'yan? Bisyo na "to!
2. "Hari ng padala"
3. "Hindi umaatras ang may tunay na lakas"
4. "Hindi lang pampamilya, pang-isports pa!"
5. " May liwanag ang buhay"

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**. Suriin ang iyong naging kasagutan sa Gawain 2 Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno.

1. Sa iyong palagay, paano mo nasagutan nang maayos o mabilis ang mga produkto o kompanya na nagtataglay ng mga nabanggit na islogan?
2. Ano ang implikasyon ng paggawa ng islogan sa mga mamamayan at sa kompanya na bumuo nito?
3. Batay sa iyong natutuhan, ano ang kaugnayan ng turismo sa advertisement?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Isang uri ng print advertisement ang brochure na madalas gamitin ng mga turista upang maging gabay sa paghahanap ng lugar na nais nilang puntahan. Tulad ng ibang uri ng advertisement, kailangan itong paglaanan ng panahon, sapat na detalye at masusing paglalagay ng iba't ibang larawan at disenyo na angkop sa tema at layunin ng gagawing brochure .

Narito ang mga gabay sa pagsusuri ng isang proyektong pang turismo o travel brochure. Hanapin ang kahulugan o paliwanag ng bawat gabay. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

**MGA GABAY**

1. Nakapupukaw-pansin na pabalat
2. Alamin ang target audience

3. Payak at malinaw na nilalaman Introduksiyon o panimula -
5. Lokasyon ng mga prominente o kilalang pasyalan pa.
6. Lugar kung saan maaaring kumain at magpahinga -
7. Mga larawan ng mga lugar na maaaring pasyalan, kainan at mapagpapahinga-han -
8. Halaga ng transportasyon at iba pang bilihin

**MGA PALIWANAG**

A. Makatutulong ito nang Malaki sa mga turista upang mapaghandaan ang mga maaaring gastusin upang makapagtabi ng sapat na hala

B. Naglalarawan sa lugar ukol sa kasaysayan. Maaaring gumamit ng iba't ibang tagline o dayalekto nna makapupukaw sa interes ng turista
C.Higit na makapagbibigay ng ideya sa turista ang mga larawan na ilalagay sa brochure.
D. Pagkakaroon ng malinaw na brochure sa pagsasaalang-alang ng pagpili ng mga lugar na maaaring ayon sa badyet ng mga turista
E. Lugar na maaaring kainan at naghahanda ng mga delicacies ng nasabing lugar
F. Marapat isama sa brochure ang mga lugar na maaaring kainan at naghahanda ng mga delicacies ng nasabing lugar
G. Pagkakaroon ng malikhain at magandang pabalat ay nakatutulong upang higit na makuha ang interes ng mga turista
H. Higit na magiging madali sa mga turista ang paghahanap ng mga landmark o tourist spots kung may kasama itong mapa o paraan kung paano ito pupuntahan.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5.** Suriin ang sumusunod na travel brochure base sa mga gabay na iyong sinagutan sa Gawain 3. Magbigay ng puna sa bawat datos na kinakailangan sa isang travel brochure. Isulat ang iyong rekomendasyon sa iyong kuwaderno**.**




## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6.** Humingi ng tulong sa magulang kapatid or guardian upang makakuha ng isang halimbawa ng travel brochure o promotional coupon. Suriin ang mga datos na ginamit dito gamit ang mga gabay na ginamit sa *Gawain 4* .Sumulat ng rekomendasyon o obserbasyon sa bawat pamantayan.

# Mga Salitang Ginamit sa Paggawa ng Proyektong Panturismo

Aralin

## I

Ang **pagpapaliwanag** o **pagpapaunawa** ay isang gawaing pangkaisipan upang matugunan ang pakikipag-ugnayang ginagamitan ng mga pananalita o mga hudyat/senyas ng kamay, maaaring kasabayan ng taong nakikipagug-nanayan, o matapos ang bawat bahagi ng paglalahad ng taong nakikipagugnayan. Nagaganap ang pagpapaunawa sa pagitan ng dalawa, tatlo, o higit pang bilang ng mga tagapagsalita o tagapaglahad na hindi nakapagsasalita o nakasesenyas mula sa pinagmumulang wika. Gayundin kung maipapaliwanag mo ang mga salitang iyong ginamit sa paggawa ng proyektong turismo halimbawa ay ang paggamit ng acronym s promosyon. Naghahatid ang mga Acronym ng isang mahalagang layunin sa pagsulat, upang mapabilis ang pagbabasa at mapagaan ang pag-unawa sa nilalaman ng isang papel. Kaya, ang layunin ng paggamit ng acronym sa pangkalahatan ay nangangailangan na ang pagdadaglat ay maging pamilyar, at na ang paggamit nito ay nakakatipid ng malaking puwang at / o pinipigilan ang masalimuot na pag-uulit ng mga salita.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.** Isulat ang tsek kung ang salita ay gingamit sa proyektong pangturista at ekis kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sakay na!
2. Halina at Tuklasin natin!
3. Sagutan ang tanong
4. Ikinalulungkot ko
5. Kayang-kaya ng inyong budget

## D


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Ibigay ang kahulugan ng mga acronym na madalas gamitin sa isang proyektong pang turismo.

1. 3 R's
2.DOT
3.ESWMA
4.DOTC
5. DILG

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Ipaliwanag kung ano ang kaugnayan ng mga cronym sa gawain 2 sa pagbuo ng proyektong turismo. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**. Narito ang mga larawan ng bahagi ng isang travel brochure .Magbigay ng 2-3 pangungusap bilang paliwanag sa ginamit sa bawat bahagi ng isang travel brochure.






**Panimula:**

**Nilalaman:**

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Gumawa ng isang travel brochure na nagpo-promote ng tourist spot sa iyong probinsya o lugar. Sundan ang gabay ng pagga-wa ng proyektong pang torismo. Ipaliwanang ang mga ginamit na salita o acronym sa iyong proyekto. Gumamit ng short bond paper para sa iyong travel brochure. Bigyang pansin ang Rubric sa Paggawa ng Travel brochure

| Pamantayan | |
|---|---|
| Paglalahad ng Panimula | 10 puntos |
| Paglalahad ng Impormasyon | 20 puntos |
| Kaayusan ng Larawan at Disenyo | 10 puntos |
| Wastong Gamit ng Gramatika at Pormal na Salita | 10 puntos |
| **KABUUAN** | **50 PUNTOS** |


# Paggamit ng Wikang Filipino

I

## Aralin

Ngayong tayo ay nasa Information Age, isang matalinong kasanayan ang pagsusuri at pangangalap ng makabuluhang impormasyon gamit ang makabagong teknolohiya. Ang YouTube ay hinde lamang  sangay ng teknolohiya na pwede mong makunan ng impormasyon, maaari rin itong maging isang mahusay na plataporma para sa pag-aaral. Napakahalaga ng konteksto para sa lahat ng video, ngunit partikular itong mahalaga kapag nagpo-post ng graphic na content. Sa mga dumadaang makabagong teknolohiya, dumarami na rin ang kahalagahan na naiaambag nito sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang social media ay hindi maikakaila na produkto ng makabagong teknolohiya, ang social media ay nagkaroon ng epekto sa paghubog sa ugali at kaisipan ng bawat tao. Ito ay nagdudulot na magpalakas o magpahina sa mga positibong pananaw ng bawat mag-aaral.  Ang modyul na ito ay magbibigay ng kasanayan sa mga mag-aaral na makapagbahagi ng napanood na video clip mula sa youtube o ibang website na maaaring magamit sa pag-unlad ng iyong pagkatuto buhay at edukasyon.

**Gawain sa Pagkatuto1.** Kilalanin ang mga sumusunod na application ng social media. Isulat ang mga pangalan ng social media application sa iyong kuwaderno.



Alin sa mga social media application ang mas kilalang kilala na pwedeng pagkunan ng mga videos tungkol sa iba't-ibang impormasyon?

D


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Magbigay ng tatlong (3) halimbawa ng impormasyong nakuha mo o napanood mo sa Youtube. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Tingnan ang mga larawan mula sa video clip sa Youtube. Kilalanin ang mga ito. Magbigay ng ibang impormasyon ukol dito gaya ng lugar, mga bagay na makikita rito, at ang pangalan ng lugar.










# E

**Gawain sa Pagkatuto 5.** Gawin ang mga sumusunod na panuto sa iyong kuwaderno.

1. Pumili ng isang kultura o tradisyon ng lugar sa CALABARZON.
2. Magsaliksik ng isang video sa youtube o iba pang website na maaaring magamit sa pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa napili mong kultura o tradisyon.
3. Kung walang access sa internet, maaaring humanap ng ibang sanggunian ang importante, ito ay pwedeng magamit sa pagkuha ng impormasyon
4. Itala sa kuwaderno ang mga impormasyong nakita o nakuha sa naturang video at kung paano ito makakatulong o magagamit sa gawaing proyekto

# A

**Gawain sa Pagkatuto 5.** Ibahagi ang nasaliksik na impormasyon mula sa Youtube o iba pang sangunian tungkol sa isang kultura o tradisyon ng lugar sa CALABARZON sa pamamagitan ng pagsulat sa isang malinis na papel. Gamitin ang graphic organizer sa pagbabahagi ng impormasyon.



# Paggamit ng Wikang Filipino para sa isang Proyektong Panturismo

I

## Aralin

Ang pagkakaroon ng wikang pambansa ay nagbibigay daan sa pagkakaisa ng mga mamamayan at nagbibigay tulong sa pag-unlad ng iba't ibang aspeto sa isang bansa. Ang wikang pambansa ay nagiging isang malaking daan ng komunikasyon upang mapalago at mapagbuti ang takbo ng politikal, sosyolohikal, at maging ang ekonomikal na aspeto ng lipunan. Sa paggamit ng wikang Filipino sa mga tranksaksiyon sa ekonomiya, mas magiging madali para sa mga mamamayang Pilipino ang maghikayat upang makisali sa pakikipagtalastasan at mga transaksiyon sa loob ng ating ekonomiya.

Napakahalaga ng sariling wika sa isang lipunan. Ito rin ay ginagamit ng tao sa pagpapahayag ng damdamin at kaisipan. Kaugnay nito, ang pagkakaroon ng isang pambansang wika ay mahalaga upang magkaisa at mabuklod ang mga mamamayan nito. Ang sariling wika ang isa sa mga bagay na kumikilala sa isang lahi, kung ano sila, saan sila nagmula, kung sino sila at ano ang kanilang kaibahan sa ibang lahi. Sa modyul na ito mahuhubog ang iyong kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino upang maisagawa ng isang makatotohonan at mapanghikayat na proyektong panturismo

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.** Suriin ang larawan. Isulat ang iyong impresyon ukol dito sa iyong kuwaderno. Ibahagi mo ang iyong damdamin bilang isang mamayang Pilipino. Kung mayroon kang access sa internet ay maari mo ring panoorin ang tungkol dito upang mas maunawaan. It's More Fun in the Philippines | DOT Official AVP https://www.youtube.com/watch?v=ADNgEHFDYzo




D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.** Sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.https://www.youtube.com/watch?v=ADNgEHFDYzo

1. Ano-anong salita ginamit sa larawan sa gawain 1/ video kung ito ay napanood mo sa Youtube ang lubos na nakakahikayat sa mga mambabasa/ manonood upang maingganyo mas epektibo ang proyektong panturismo?

2. Pamilyar ba sa inyo ang mga salitang ginagamit dito? Bakit?

3. Anu anong salita ang hindi ninyo masyodong naiintindihan?

4. Sa tingin mo ba malaki ang ginampanang tungkulin ng wika sa pagsasagawa ng proyektong panturismo? Bakit?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3.** Gamit ang napanood na video o larawan gawin ang mga sumusunod.

1. Tukuyin ang mga salitang nakasulat sa wikang Ingles at isasalin ito sa wikang Filipino o gumamit ng iba pang salitang panumbas sa Filipino

2. Talakayin ito sa pamamagitan ng talata. Isulat sa iyong kuwaderno .

3. Tukuyin ang mga salitang nakasulat sa Filipino na lubhang nagpapa ganda o nakakahikayat sa mga manonood sa naturang video o makaka basa ng larawan o poster.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4.** Bumuo ng tagline na nakasulat sa Filipino at gagamitin ito sa pagbuo ng proyektong panturismo. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5.** Gumawa ng isang poster bilang isang proyektong pangturismo. Pumili ng isang lugar sa CALABARZON na nais mong palaganapin o i-promote. Gamitin ang wikang Filipino sa pagpapahayag at pag-hikayat ng turismo. Bigyang pangsin ang Rubrik sa Paggawa ng Poster.

| Pamantayan | Indikador | Puntos | Natatamong Puntos |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naipakita at naipaliwanag nang maayos ang ugnayan ng lahat ng konsept sa paggawa ng poster<br>Nagagamit ang wikang Filipino sa pagganyak | 21-25 | |
| Kaangkupan ng konsepto | Maliwanag at angkop ang mensahe sa paglalarawan ng konsepto | 16-20 | |
| Pagkamapanlikha (Originality) | Orihinal ang ideya sa paggawa ng poster | 11-15 | |
| Kabuuang Presentasyon | Malinis at Maayos ang kabuuang presentasyon | 6-10 | |
| Pagkamalikhain (Creativity) | Gumamit ng tamang kombinasyn ng kulay upang maipahayag ang nilalaman, knsepto, at mensahe | 1-5 | |
| | | *Kabuuan* | |

# Sanggunian


http://panitikangpnoy.blogspot.com/p/mga-kwentong-bayan-folktales.html

Sipi mula sa Mga Piling Kuwentong Bayan ng Mga Maguindanaon at Maranao Nina Nerissa Lozarito-Hufana, Ph.D. Claribel Diaz-Bartolome, Ph.

commons.wikimedia.org

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta Rizal

Landline: 02-8682-5773 local 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph